

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Ang 2021 ranking mula sa fDI Intelligence ay nagpoposisyon sa Brampton bilang nangungunang lungsod ng hinaharap at napakagandang lokasyon ng pamumuhunan

BRAMPTON, ON (Hunyo 18, 2021) – Sa araw na ito, ang fDI Intelligence, isang sangay ng Financial Times (UK), ay inanunsyo ang mga resulta ng American Cities of the Year Awards nito, kasama ang Lungsod ng Brampton na ika-anim sa kategorya ng Top 10 Mid-Sized American Cities na Future.

Ang Brampton ay nasa pangalawang puwesto rin sa kategorya ng Top 10 Mid-Sized American Cities of the Future – Connectivity, at panglabindalawa sa kategorya ng Top 25 American Cities para sa FDI Strategy.

Ang pagsisikap ng Foreign Direct Investment (FDI) ng Brampton ay nagpapatuloy na tumutuon sa mga mahalagang sektor ng Lungsod: Innovation and Technology, Advanced Manufacturing, Food and Beverage Processing at Health and Life Sciences. Noong 2020, may dagdag na diin sa Business Retention and Expansion bilang bahagi ng FDI Strategy ng Lungsod.

Ang pamumuhunan ay mahalagang basehan sa [Estratehiya sa Pagbangon ng Ekonomiya](#) ng Lungsod, na inaprubahan ng Konseho ng Lungsod ng Brampton noong Mayo, 2020. Ang patuloy na ebolusyon ng Innovation District ng Lungsod ay isang mahalagang bahagi ng estratehiya. Nilalayan ng Estratehiya sa Pagbangon ng Ekonomiya na ihatid ang pagkamadaling nakakabangon at kompetitibong bentahe sa ekonomiya ng Brampton, at tutulong sa Lungsod na umabante mula sa pandemya ng COVID-19.

Ito ang unang pagkakataon na makatanggap ang Brampton ng pagkilala mula sa fDI Intelligence. Nagre-renew ang mga ranking kada dalawang taon, at sa loob ng nakalipas na walong taon, ang Brampton ay palaging nanalo o nailagay malapit sa pinaka-una sa mga kategorya tulad ng Pagiging Friendly sa Negosyo, Lungsod ng Hinaharap, Imprastruktura at Pagiging Konektado.

Isinasaalang-alang ng fDI Intelligence ang limang kategorya sa pag-rank sa mga lungsod: Potensyal sa Ekonomiya, Pagiging Friendly sa Negosyo, Kapital ng Tao at Uri ng Pamumuhunan, Pagiging Matipid sa Gastos at Pagiging Konektado.

Ang kumpletong mga resulta at mas maraming impormasyon tungkol sa ranking ay makikita [dito](#).

Mga Quote

“Ang Brampton ay isang Lungsod ng mga Oportunidad na may kompetitibong pangkat ng talento na nangunguna sa daan ng inobasyon. Ipinagmamalaki natin na makilala muli ng fDI Intelligence bilang Top 10 Mid-Sized American City of the Future. Ang mga award na ito ay mas nagpapalakas sa kung ano ang alam na natin – ang Brampton ay isang world-class na lungsod at isang napakagandang lokasyon para mamuhunan ang mga pandaigdigang negosyo.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Habang nagsisimula tayo sa muling pagbubukas at pag-abante mula sa mga epekto ng pandemya ng COVID-19, ang pamumuhunan ay gaganap ng mahalagang papel sa paghahatid ng pagkamadaling nakakabangon at kompetitibong bentahe sa ekonomiya ng Brampton. Ipinagmamalaki natin na muling makilala ng fDI Intelligence para sa kanilang American Cities of the Year Awards, at tinatanggap ang lahat ng dayuhang kumpanya na mas malaman pa ang kung ano ang sanhi ng pagiging nangungunang lungsod sa hinaharap ng Brampton.”

- *Martin Medeiros, Rehiyonal na Konsehal, Wards 3 at 4; Chair, Economic Development, Lungsod ng Brampton*

“Ang pamumuhunan ay isang mahalagang basehan sa Estratehiya sa Pagbangon ng Ekonomiya ng Lungsod, at dedicated ang Brampton sa pagposisyon sa sarili nito bilang isang inobatibong lungsod at napakagandang lokasyon ng pamumuhunan sa buong mundo. Malugod nating tinatanggap ang pagkilala ng fDI na ang Brampton ay isang Nangungunang Katamtamang Laki na Lungsod sa Hinaharap. Bilang isang world-class na lungsod, seryoso at determinado tayo sa pagtanggap ng pamumuhunan ng dayuhan sa ating komunidad.”

- *Paul Vicente, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 at 5; Vice-Chair, Economic Development and Culture, Lungsod ng Brampton*

“Ang Brampton ay isang Lungsod ng mga Oportunidad, at sa ating pangunahing lokasyon sa Innovation Corridor ng Canada at sa ating kompetitibong mga manggagawa, patuloy nating pinagtibay ang ating mga sarili bilang pinakamagandang lokasyon para dumating ang mga dayuhang negosyo. Sa ngalan ng staff ng Lungsod ng Brampton, gustong kong ipahayag ang ating pagmamalaki na makilala muli ng fDI Intelligence bilang napakagandang lokasyon ng pamumuhunan, malugod na inaanyayahan ang mga dayuhang negosyo na lumapit sa ating mga dedicated na staff sa Economic Development para pag-usapan ang lahat ng maiaalok ng Brampton.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapatigirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca

